

Pag-alam ng mga palatandaan

ANO ANG MGA PALATANDAAN NG BABALA PARA SA BAHANG SA HAWKESBURY-NEPEAN VALLEY?

Ano ang sanhi ng malalaking mga pagbaha dito

Karamihan sa malalaking pagbaha sa Hawkesbury-Nepean Valley ay sanhi ng mga sistema ng matinding mababang presyon (low-pressure) na tinatawag na East Coast Lows.

Ang mga sistema ng lagay ng panahon ay maaaring mangyari sa anumang oras at maaaring mangyari nang ilang beses sa isang taon. Mas karaniwan ang mga ito sa Taglagas at Taglamig at madalas umiigting nang mabilis sa magdamag. Dahil dito, isa ang mga ito sa pinakamapanganib na sistema ng lagay ng panahon na makakaapekto sa rehiyon.

Ang kakaibang heograpiya sa lambak (valley) ay nakakaapekto din sa lawak at lalim ng pagbaha sa rehiyon. Karamihan sa mga ilog-lambak ay lumalawak habang papalapit ang mga ito sa dagat. Kabaligtaran naman ang kaso sa Hawkesbury-Nepean Valley. Ang mga makitid na pababang ilog ng mabatong lambak (downstream sandstone gorges) sa pagitan ng Sackville at Brooklyn ay lumilikha ng mga likas na makikipot na bahagi na dahilan 'banyerang epekto' (bathtub effect).

Ang mga tubig-baha ay bumabalik at mabilis na tumataas, na nagiging sanhi ng malalim at malawakang pagbaha sa buong bahang-kapatagan (floodplain). Tulad ng isang banyera na may limang gripo (ang pangunahing mga tributaryo) na nakabukas, ngunit may isang butas lang na maaaring tanggalan ng pamasak upang palabasin ang tubig.

May pattern ang mga siklo ng palagiang pagbaha at palagiang tagtuyot sa Hawkesbury-Nepean Valley. Ang mga siklo ay karaniwang tumatagal mula sa 30 hanggang 50 taon. Tayo ay kasalukuyang nasa ika-30 taon ng palagiang tagtuyot. Ang tanong ay hindi 'kung', kundi 'kailan' mangyayari ang malaking pagbaha.

Ang nakaraang mga pagbaha gaya ng sa Townsville ay nagpapakita na ang rehiyon na apektado ng tagtuyot na may mababang mga antas ng dam (low dam levels) at may nakatakdang mga paghihigpit sa tubig ay maaaring isa sa makakaranas ng mapaminsalang mga pagbaha makaraan lamang ang ilang linggo.

Ano ang mga ang likas na mga palatandaan ng babala?


Bawat pagbaha ay naiiba, kaya hindi mo maaasahan ang dati mo nang naranasan o narinig tungkol sa nakaraang pagbaha.

Mahalagang bigyang pansin ang mga ulat ng lagay ng panahon at malaman ang ilan sa maagang mga palatandaan ng babala tulad ng:

- mga pagtataya ng malalakas at/o matagalang pag-ulan
- East Coast Lows na nakakaapekto sa rehiyon
- malakas, tuluy-tuloy na pag-ulan ay nangyayari sa mga paitaas na imbakan ng tubig (upstream catchment) tulad ng Blue Mountains, Southern Highlands, Goulburn at mga rehiyon ng Wollondilly.

Sa Hawkesbury-Nepean Valley, maaaring may **ilang oras na babala lamang** ang pagitan ng malalakas na pag-ulan at ang masabihan na lumikas.

Sa karamihan ng mga kaso hindi mo makikita ang pagbaha sa inyong kalapit-bahayan bago ka masabihan na lumikas. Ito ay nangangahulugan na ang pinakamabuting pagkukunan mo ng impormasyon ay ang opisyal na mga babala.





Windsor at McGraths Hill noong 1988

Opisyal na mga babala at payo

Ang mga opisyal na babala at payo sa baha ay ihahatid ng Bureau of Meteorology (ang Bureau) sa kanilang website at ang NSW State Emergency Services (NSW SES) sa mga istasyon ng radyo at NSW SES social media.

Ginagamit ng Bureau ang mga panukat sa ulan at baha upang mahulaan ang oras ng pagdating at lalim ng tubig-baha. Sa pakikipagtulungan sa NSW SES, ang Bureau ay nagpalabas ng tatlong uri ng may-kinalamang mga pagtataya at mga babala:

- **Ang Bantay sa Baha** ay nagbibigay ng maagang payo na ang ulan na lilikha ng baha ay inaasahang mangyayari sa malapit na hinaharap. Paalala: ang bantay sa baha ay ina-update araw-araw ngunit ito ay *hindi isang babala ng napipintong pagbaha*.
- **Ang Babala sa Baha** ay ipapalabas kapag ang Bureau ay mas nakatitiyak na ang pagbaha ay inaasahan sa partikular na lugar at karaniwang ipinalalabas kapag ang pag-ulan ay nagsimula nang bumuhos.
- **Ang Malubhang Babala sa Lagay ng Panahon** ay ipalalabas para sa napakalakas na ulan na maaaring maging sanhi ng biglaang pagbaha (flash flooding) o di karaniwang mga high tide na maaaring makaapekto sa pagbaha. Ang biglaang pagbaha sa isang lugar ay nangyayari pagkatapos ng matinding pag-ulan at ito ay tinatawag ding lampas-lupang pagbaha (overland flooding).

Patungo sa at sa panahon ng baha, ang NSW SES ay magpapalabas ng:

- **Mga Bulletin ng Pagbaha** na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa malamang na kalalabasan ng pagbaha at mga aksyon na dapat mong gawin upang protektahan iyong sarili at ang iyong propyedad.
- **Mga babala sa Paglikas** na nagbibigay ng babala kung kailan malamang na maharangan ang mga ruta ng paglikas o kung kailan inaasahang umapaw ang tubig-baha sa mga propyedad. Ang mga babalang ito ay naglalayon na mabilis na tumugon kung nagpalabas na ng Kautusan sa Paglikas.
- **Mga Kautusan sa Paglikas** na nagpapayo sa mga tao kung ano ang gagawin sa paglikas at kung saan pupunta. Maaari kang makarinig ng kautusan sa paglikas na may kinalaman sa iyo mula sa mga istasyon ng radyo, o ng automated na telepono at/o SMS, NSW SES social media, o mga pagkatok sa bahay-bahay.

Mahalagang ikaw ay lumikas kung tumanggap ka ng Kautusan sa Paglikas.

Pagpapabuti ng pagtataya ng baha sa lambak (valley)

Ang Bureau of Meteorology ay nagsisikap na pagbutihin ang pagtataya sa baha sa Hawkesbury-Nepean Valley upang suportahan ang pinagbuting pagpapalano at tugon sa emerhensiya.

Kabilang dito ang pagpapabuti ng mga pagtataya, bagong pagmomodelo ng baha at mas mabuting pag-unawa sa tiyempo, kilos at mga taas ng baha. Ang bagong sistema ay ay inaasahang nailabas noong hulihan ng 2019.